



Republic of the Philippines
Department of Education

20 MAR 2017

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **58**, s. 2017

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago*.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

- a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
- b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
- c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:


- a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
- b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
- c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
- d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuun at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpapalano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
Email: komfil@kwf.gov.ph; komisjonsawikangfilipino@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


ATTY. ALBERTO T. MUYOT
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017